



San Diego County Air Pollution Control District

Programa ng "Mga Hot Spot" ng Mga Lason sa Hangin Dokumento ng mga Impormasyon

Ano ang Programa ng "Mga Hot Spot" ng Mga Lason sa Hangin?

Ang Batas ng California sa Impormasyon at Pag-assess ng "Mga Hot Spot" (Hot Spots Act) ng California, Assembly Bill 2588, ay pinagtibay para gawing Batas ng Estado noong 1987 para tugunan ang mga panganib sa kalusugan ng publiko mula sa mga nagdudulot ng polusyon sa hangin (air contaminants) na inilalabas ng mga nakapirming pinagmumulan (kasama ang mga pagpapatakbo sa manufacturing, mga power plant at iba pang mga pang-industriyal, komersyal at pampamahalaang mga pagpapatakbo na maaaring maglabas ng polusyon sa hangin).

Ang Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin ng San Diego (San Diego County Air Pollution Control District, SDAPCD) ay responsable para sa pagpapatupad ng Programa ng "Mga Hot Spot" ng Mga Lason sa Hangin (Programa) sa San Diego County sa pamamagitan ng: (1) pagsusuri ng mga emisyon ng nakakalason na contaminant sa hangin mula sa mga nakapirming pinagmumulan; (2) pagtukoy sa mga pinagmumulan na maaaring gumawa ng nadagdagang mga panganib sa kalusugan at, (3) nangangailangan ng pagbibigay ng abiso sa publiko at mga kinakailangan sa pagbawas ng panganib ayon sa Panuntunan ng APCD na 1210¹.

Ano ang nakakalason na contaminant sa hangin?

Ang mga nakakalason na contaminant sa hangin ay mga kemikal na maaaring magdulot ng hindi magandang mga epekto sa kalusugan kung malalantad ang mga tao sa mga ito. Ang mga epekto ay maaaring hindi gaanong malubha at pansamantala tulad ng mga pananakit ng ulo, at pangangait ng mata o lalamunan o maaaring mas malubha at permanente tulad ng kanser, mga depekto sa kapanganakan o pinsala sa mga organ, depende sa dami ng oras na nalantad at ang uri ng mga pollutant.

Ano ang Pag-assess sa Panganib sa Kalusugan?

Ang pag-assess sa panganib sa kalusugan ay gumagamit ng SDAPCD at mga kalkulasyon at alituntunin na aprubado ng estado para tantiyahin ang mga posibleng panganib sa kalusugan na magkaroon ng hindi magandang mga epekto sa kalusugan mula sa pagkakalantad sa nakakalason na mga emisyon sa hangin mula sa ilang pinagmumulan.

¹ <https://bit.ly/Rule1210>

Hinihiling ng batas ng estado sa mga pasilidad na kumpletuhin ang pag-assess sa panganib sa kalusugan sa loob ng 180 araw mula sa kahilingan ng SDAPCD. Pagkatapos, ang mga pag-assess sa panganib sa kalusugan na ito ay dapat aprubahan ng SDAPCD at ng California Office of Environmental Health Hazard Assessment (OEHHA²) sa loob ng isang taon.

Gaano kawasto ang pag-assess sa panganib sa kalusugan?

Ang mga pag-assess sa panganib sa kalusugan ay batay sa mga kalkulasyon ng emisyon at mga pagpapalagay na nagpoprotekta sa kalusugan para maiwasan ang maling pagtantiya ng panganib sa publiko. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang:

<https://oehha.ca.gov/media/downloads/risk-assessment/document/hrsguide2001.pdf>

Paano inuulat sa publiko ang mga resulta ng pag-assess sa panganib?

May dalawang paraan ng pag-uulat ng mga resulta: (1) labis na pangmatagalang panganib sa kanser at (2) index ng panganib na hindi kanser

1. Ang **labis na pangmatagalang panganib sa kanser** ay ang pinakamataas na panganib na makakuha ng kanser dahil sa palaging pagkakalantad sa polusyon mula sa isang pinagmumulan. Ipinapalagay ng pagtantiyang ito na ang isang tao ay nakatira sa isang lugar na may pinakamataas na konsentrasyon ng mga nakakalason na emisyon 24 na oras sa isang araw, 365 araw bawat taon na may 30 taon ng pagkakalantad, o kung nagtatrabaho ang isang tao sa lokasyon na may pinakamataas na konsentrasyon ng nakakalason na mga emisyon 8 oras sa isang araw, 250 araw sa isang taon na may 25 taon na pagkakalantad.
 - o Tinatantiya ng **paghihirap dahil sa kanser** ang posibilidad ng ilang partikular na bilang ng mga kaso ng kanser sa buong populasyon na nakalantad sa mga emisyon mula sa isang pinagulan para sa kanilang buong buhay (o humigit-kumulang 70 taon).
2. Ang index ng **panganib sa kalusugan na hindi kanser** ay kinakalkula sa pamamagitan ng paghahati ng tinatantiyang dami ng mga emisyon sa hangin na inilalabas mula sa pinagmumulan ng dami ng mga emisyon na hindi inaasahang magdudulot ng anumang hindi magandang mga epekto sa kalusugan. Walang sinuman, kabilang ang matanda at mga bata ang dapat maapektuhan ng mga emisyon mula sa pinagmumulan kung mas mababa sa isa ang index ng panganib sa kalusugan. Kung ang index ay katumbas ng o mas mataas sa 1, mayroong panganib para sa hindi magandang mga epekto sa kalusugan.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Programa ng Mga Hot Spot, pakibisita ang website ng SDAPCD website sa: <https://bit.ly/SDAPCD-Hot-Spots>

² Ang OEHHA ay ang siyentipikong departamento ng California Environmental Protection Agency (CalEPA) na nag-aaral ng mga epekto ng mga lason, naghahanda ng mga alituntunin sa pag-assess sa panganib sa kalusugan at tinutukoy ang mga antas ng mga emisyon na makakagawa ng mga hindi magandang epekto sa kalusugan.